

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Pagtugon sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho

Kamakailang mga Pagbabago:

1/13/21: Binago para ipakita ang bagong patakaran na nag-aatas ng pag-quarantine nang 10 araw at magsuri sa sarili para sa mga sintomas mula ika-11 Araw hanggang sa ika-14 na araw pagkatapos ng pangkalandad sa COVID-19 o pagkatapos ng paglalakbay papasok ng Los Angeles.

Habang tumataas ang mga kaso ng COVID-19 ay sa Los Angeles County, ang mga tao ay dapat na manatili sa bahay at iwasan ang pakikipag-ugnayan sa ibang mga tao. Maraming mga kinakailangang manggagawa (essential workers) ay kailangan pa ring pumasok sa trabaho, gayunpaman, ay naglalagay sa kanila sa panganiib ng pagkakaroon at pagkakatat ng COVID-19. Ang mga employer o amo ay kailangang maging handa na tumugon kapag ang isang kaso ng COVID-19 ay kinilala o kapag may posibleng pagkakatat sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.

Ang kaso (case) ay isang tao na may positibong pagsusuri sa virus (swab o laway) para sa COVID-19 o sinabihan ng isang doktor na sila ay may COVID-19. Ang mga employer o amo ay dapat na may isinaayos na plano sakaling isang kaso ang iniulat sa hanay ng mga empleyado. Dapat na isama sa plano ang pagpapauwi sa kaso para magbukod ng sarili pati na rin ang pagpapauwi sa sinuman na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa isang kaso o mga kaso para mag-quarantine ng sarili. Bilang bahagi ng plano, ang employer o amo ay dapat na may proseso para sa pagsisiguro na ang lahat ng naka-quarantine na empleyado ay may paraan na masuri, nang sa gayon ay malaman ng employer o amo kung gaano karaming pagkakat na ang mayroon sa lugar ng trabaho at gaano kalaking panganiib ang mayroon sa iba pang mga empleyado o bisita.

Pag-iwas sa Lugar ng Trabaho

Ang pinakamahasay na paraan para iwasan ang pagkakat ay ang pagsisiguro na ang lahat sa lugar ng trabaho ay sumusunod sa mga pamantayang tuntunin para sa pag-iwas:

- Pisikal na pagdistansya (ang mga empleyado, kostumer, at bisita ay nagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo mula sa isa't isa, kahit na kapag nakikipag-usap)
- Inaatas ang [mga pantakip ng mukha](#) para sa lahat ng mga empleyado, kostumer, at bisita
- Pagtataguyod ng madalas na paghuhugas ng kamay (ibig sabihin ang mga banyo ay may sapat na sabon, mga tuwalyang papel at iba pang mga gamit) at ang mga empleyado ay dapat na may oras para sa paghuhugas ng kamay
- Regular na paglilinis at pagdidisimpekta ng mga ibabaw na madalas na nahahawakan
- Pagsisiguro na ang mga sistema ng HVAC ay nasa mahusay na gumaganang ayos at dinadagdagan ang daloy, saanman posible. (Tingnan ang gabay sa [bentilasyon](#) para sa higit pang impormasyon.)
- Mga patakaran sa pagbabakasyon dahil sa pagkakasakit (sick leave) na nagpapahintulot sa mga empleyado na manatili sa bahay kapag may sakit at para mangalaga sa (mga) may sakit na miyembro ng sambahayan nang walang panganiib ng pagkawala ng trabaho o binawasang oras. Siguruhin na alam ng mga empleyado ang tungkol sa mga patakarang ito.
- Pagsusuri sa mga sintomas bago pumasok ang mga empleyado sa lugar ng trabaho

Kapag mayroong isang kaso o may taong nalantad sa lugar ng trabaho

Kung ang isang empleyado ay nagkasakit o nagkaroon ng kontak/pakikisalamuha sa isang kaso (tulad ng tinukoy sa itaas), ang taong yon ay dapat na pauwiin agad-agad para magbukod ng sarili kung sila ay nahawaan o mag-quarantine kung sila ay nalantad. Sa lalong madaling panahon na ang isang superbisor ay narinig na may isang taong may sakit o nalantad, dapat silang gumamit ng isang tukoy na espasyo para ihiwalay ang tao na isang kaso o nalantad mula sa iba pang kawani. Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng isang lugar para sa tao na maghintay kung kakailanganin hanggang sa sila ay magagawa nang lisanin ang lugar (site) at umuwi. Dagdag pa rito:

- Ang tao ay dapat na may suot na maskara (mask) sa lahat ng oras
- Kung ang tao ay lubhang may sakit na nangangailangan ng pangangalaga, ang ibang mga tao ay dapat na nakamaskara, dapat na limitahan kung gaano sila mananatiling malapit sa taong yon, at dapat na magsuot ng iba pang personal na pamprotektang kagamitan (mga guwantes, isang gown) kung kakailanganin at magagamit.

Ang lahat ng mga employer o amo ay dapat na sumunod sa [mga checklist sa pagbubukas ng negosyo](#) ng LAC DPH para pigilin ang pagkakat ng COVID-19 sa kanilang lugar ng trabaho. Sa karamihan ng sitwasyon, ang mga hakbang na ito ay maaaring pumigil o lalong pabagalin ang pagkakat ng COVID-19 sa lugar ng trabaho.



COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Pagtugon sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho

Imbestigasyon sa Nakasalamuha (Contact Investigation)

Sa oras na ang isang kaso ay natukoy sa hanay ng mga empleyado, ang employer o amo ay dapat na kumilos para kilalanin ang lahat ng mga malapitang nakasalamuha (parehong mga empleyado at sinuman na gumugol ng oras sa lugar ng site) na nalantad sa kaso sa panahon na nakakahawa.

- Ang isang kaso ay nakakahawa mula 2 araw bago unang lumabas ang kanilang mga sintomas hanggang matapos ang kanilang pagbubukod (tingnan ang mga [Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay](#) para sa mga taong may COVID-19).
- Ang isang tao na walang anumang mga sintomas ngunit nagkaroon ng positibong pagsuri sa COVID-19 ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago ang kanilang pagsusuri hanggang sa 10 araw pagkatapos ng kanilang pagsuri.

Ang isang malapitang nakasalamuha ay sinuman sa lugar ng trabaho na naging malapit sa kaso habang sila ay nakakahawa:

- Nasa 6 na talampakan mula sa kaso para sa kabuuan na 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon, o
- Kontak sa mga likido at/o inilalabas ng katawan ng kaso, halimbawa, naubuhan o nabahingan, pagbabahagi ng inumin o mga kubyertos sa pagkain.

Ang sinuman na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa isang kaso ay dapat na mag-quarantine sa bahay nang 10 araw. Ang kanilang pag-quarantine ay maaaring magwakas pagkatapos ng ika-10 Araw kung walang mga sintomas na lalabas at kung mula ika-11 Araw hanggang ika-14 na Araw kanilang nasubaybayan ang kanilang kalusugan at sobrang ingat sa mga regular na pag-iingat sa COVID-19. Ang lahat ng mga malapitang nakasalamuha sa isang kaso ay hinihimok na magpasuri (test) para sa COVID-19. Ang mga kawani na dapat ay ibukod o i-quarantine na hindi makapagtatrabaho sa bahay ay dapat na bigyan ng bakasyon sa pagkakasakit (sick leave) na bayad.

Tandaan na ang pag-quarantine nang 10 araw ay inaatas rin para sa sinumang na taong kawani na naglakbay sa Los Angeles County mula saanman sa labas ng Southern California maging sila man ay residenteng papauwi o isang bagong dating. Ang isang empleyado na pumapasok sa trabaho pagkatapos na maglakbay/bumiyahang ay dapat na utusang umuwi para sundin ang mga tuntunin para sa pag-quarantine na inilarawan sa itaas. Ang tuntuning ito ay nalalapat maging ang tao ay may anumang mga sintomas ng COVID-19 o wala o anumang kaalaman na sila ay nalantad sa taong may sakit. Tingnan ang [Utos sa Paglalakbay ng Opisyal ng Kalusugan](#) at Mga Madalas na Katanungan para sa mga detalyeng nauugnay sa quarantine ng paglalakbay.

Naka-target na Pagsuri (Targeted Testing)

Ang naka-target na pagsusuri ay maaaring gamitin para tasahin ang pagkalat pagkatapos na kilalanin ang isa o higit pang mga kaso sa lugar ng trabaho. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga taong nagtrabaho o nagkaroon ng koneksyon sa kaso o mga kaso, magagawang malaman ng employer o amo kung gaano na kalayo ang inabot ng pagkalat. Tandaan na kung ang naka-target na pagsusuri ay kinilala ang pangalawang kaso, isang bagong imbestigasyon ang dapat na pasimulan sa palibot ng bagong kaso kung may mas marami pang lugar ng pagkalat.

Mga Mapagkukunan ng Pagsusuri

- Ang mga empleyado na may seguro (insurance) ay dapat na tawagan ang kanilang doktor para masuri at pagkatapos ay iulat ang mga resulta sa employer o amo.
- Ang mga empleyado na walang seguro (insurance) o ang kanilang mga doktor ay hindi makapagkaloob ng pagsusuri, ay maaaring bumisita sa [covid19.lacounty.gov/testing](https://www.covid19.lacounty.gov/testing) o tawagan ang 2-1-1 para sa tulong sa paghahanap ng isang libreng lugar ng pagsusuri (testing site). Ang mga resulta sa mga pagsusuring ito ay dapat na iulat sa employer o amo.
- Sa mga malalaking lugar ng trabaho, ang Employee Health ay maaaring ipagkaloob ang pagsusuri o magdala ng isang pribadong kumpanya ng pagsusuri (testing company).
- Saanman nagaganap ang pagsusuri ng mga malapitang nakasalamuha, ang mga empleyado ay dapat na mag-ulat ng mga resulta sa employer o amo. Pinahihintulutan nito ang employer o amo na magsagawa ng karagdagang siklo ng pagkilala sa nakasalamuha/kontak, pag-quarantine at pagsusuri kung ang isang malapitang nakasalamuha ng orihinal na kaso ay nasuring positibo.

Tungkulin ng Naka-target na Pagsuri

Mahalagang malaman kung ano ang magagawa at hindi magagawa ng naka-target na pagsuri at kung paano dapat nito maapektuhan ang pangangasiwa ng kaso. Ang naka-target na pagsusuri ay maaaring tumulong sa:

- Kilalanin ang mga empleyado na positibo sa COVID na walang mga sintomas (asymptomatic) sa hanay ng mga kilala o pinaniniwalaan na nagkaroon ng pakikisalamuha/kontak sa isang kaso upang ang lalo pang pagkalat ay malimitahan o maiwasan.
- Ang naka-target na pagsusuri ay HINDI:
- Inaalisa ang pangangailangan na mag-imbestiga para makita kung sino ang nagkaroon ng pakikisalamuha/kontak sa isang kaso nang sa gayon ang mga malapitang nakasalamuha ay ma-quarantine.

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Pagtugon sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho

- Makapagbibigay ng eksaktong senaryo kung sino ang nahawaan ng kaso. Ang pagsusuri ay nagsasabi sa iyo ng tungkol sa isang punto sa oras. Ang isang tao ay maaaring masuring negatibo ilang araw pagkatapos ng malapitang pakikisalamuha/kontak sa isang kaso at magkakasakit sa ika-5 o ika-6 na araw pagkatapos ng pakikisalamuha/kontak. Nangangahulugan ito na sinumang malapitang nakasalamuha ay kakailanganin na mag-quarantine nang buong 10-araw na panahon dagdag ang pagsubaybay sa kanilang kalusugan habang sumusunod sa mga pag-iingat (pagsusuot ng maskara o mask, pisikal na pagdistansya, at paghuhugas ng kamay) para sa higit pang 4 na araw kahit na ang kanilang pagsuri ay negatibo.
- Kung may tatlo o higit pang mga kaso ng COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo na kinilala sa lugar ng trabaho, ang employer o amo ay dapat na iulat ang kumpol sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa 1-888-397-3993.

Pagbabalik sa Trabaho

Kung ang isang may sakit na empleyado ay pinauwi na may lagnat o iba pang mga sintomas na maaaring COVID-19, na nasuring negatibo sa isang COVID-19 na pagsusuri o sinabihan ng kanilang doktor na wala silang COVID-19, siya ay maaari nang bumalik sa trabaho 24 na oras pagkatapos ang kanilang lagnat ay nawala na nang hindi gumagamit ng mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat at ang kanilang mga sintomas ay bumuti na.

Kung sila ay nabigong magpasuri o makita ng isang doktor, dapat silang manatili sa bahay na nakabukod nang hindi bababa sa 10 buong araw mula nang magsimula ang kanilang mga sintomas at 24 na oras pagkatapos na mawala ang kanilang lagnat nang hindi gumagamit ng mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat at ang kanilang mga sintomas ay bumuti na. Kung sila ay may sakit pa rin sa ika-10 Araw, dapat silang patuloy na manatili sa bahay hanggang ang kanilang mga sintomas ay bumuti na at wala na silang lagnat sa loob ng 24 na oras nang walang tulong ng anumang gamot na nakapagpapababa ng lagnat.

Ang mga kaso ay maaari nang magbalik trabaho pagkatapos magwakas ang kanilang pagbubukod. Ang mga nakasalamuha/kontak na nakapaglakbay ay maaaring bumalik pagkatapos magwakas ang kanilang quarantine hangga't walang mga sintomas na lalabas habang sila ay nasa labas. Ang mga kawani na nakakumpleto ng inaatas na panahon sa pagbubukod o pag-quarantine ay maaari nang bumalik sa trabaho at ipagpatuloy ang mga karaniwang aktibidad. Hindi kailangan ng sulat mula sa Pampublikong Kalusugan (Public Health) o isang negatibong pagsusuri sa COVID-19 para makabalik ang kawani sa trabaho.

Pagtugon sa Pagsiklab

Kung ang isang kumpol ay magaganap sa lugar ng trabaho, ang LAC DPH ay magsisimula ng isang pagtugon sa pagsiklab. Ang isang kumpol ay tinukoy bilang 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 sa hanay ng mga tao na maaaring nagkaroon ng ilang pakikisalamuha/kontak sa trabaho. Ang pagtugon sa kumpol ay kinabibilangan ng pagbibigay ng gabay at mga rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, teknikal na suporta, at mga hakbang sa pagkontrol na partikular sa lugar. Isang mamamahala sa kaso (case manager) mula sa pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol (cluster investigation) para tulungan gabayan ang tugon ng lugar ng trabaho.

Buod (Summary)

Sa pagkakaroon ng malawakang pagkalat ng COVID-19, ang mga amo o employer ay dapat na kumilos na parang ang bawat isa sa lugar ng trabaho ay posibleng nahawaan ng COVID-19 at may responsibilidad para maiwasan ang pagkalat. Nangangahulugan ito na ang lahat ay may suot-suot na pantakip ng mukha at ang mga empleyado ay nagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo. Ang bilang ng mga tao sa lugar ng trabaho ay dapat na limitado at ang paglilinis at kalinisan ng kamay ay dapat na sundin. Makipag-ugnayan sa LAC DPH para pangasiwaan ang mga kumpol kapag sila ay naganap. Ang naka-target na pagsusuri ng mga malapitang nakasalamuha na walang mga sintomas sa lugar ng trabaho ay isang rekomendadong kasangkapan para gamitin ng mga employer o amo upang tasahin kung ang mga karagdagang pagkakalantad sa lugar ng trabaho ay maaaring naganap.

Karagdagang Impormasyon:

- COVID-19 Mga Madalas na Katanungan (FAQs) para sa mga Namamahala <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/docs/business/FAQ-Managers.pdf>
- Mga tagubilin sa pag-quarantine sa bahay para sa mga malapitang nakasalamuha sa COVID-19 ph.lacounty.gov/covidquarantine
- Mga tagubilin para sa pagbubukod sa bahay para sa mga taong may COVID-19 ph.lacounty.gov/covidisolation

Tingnan ang COVID-19 [website](#) ng LAC DPH para sa mga karagdagang mapagkukunan kaugay sa COVID-19.

